# <u>Salaysay ni Bb. Veronica V. Cabe</u>

Ako si **Veronica Valdez Cabe**, 45 years old, panganay na anak sa limang (5) magkakapatid. Ang mga magulang ko ay sina Fatima V. Cabe, isang maybahay, at Rodrigo Cabe (pumanaw na). Ako ay kasalukuyang *volunteer community organizer* ng Coal-Free Bataan Movement, isang *People's Organization* na naka-base sa Bataan.

Ako ay inanyayahan nila Atty. Hasminah D. Paudac, isa sa aming *legal representative* sa *Climate Change and Human Rights Petition* na inihain namin sa *Commission on Human Rights*, at Bb. Desiree Llanos Dee, *senior climate justice campaigner* ng Greenpeace Southeast Asia (Philippines), noong 17 Oktubre 2018 sa kanila opisina sa JGS Building, 30 Scout Tuazon Street, Brgy. Laging Handa, Quezon City upang ibahagi ang aking karanasan kung paano ang aking buhay sampu ng aking pamilya ay naapektuhan ng mga matitinding kalamidad na maaaring dulot ng pagbabago sa klima.

Hindi po kami mayaman. Karaniwang empleyado lamang ang aking mga kapatid. Ako naman ay *volunteer* at hindi tumatanggap ng sahod, bagkus ay *allowance* lang mula sa organisasyon na aking kinabibilangan. Kami po ay nagsimulang manirahan sa Marikina noong 1981. Dinemolished kami sa aming tirahan sa Tandang Sora, Quezon City at inilipat kami ng National Housing Authority (NHA) sa *relocation site* sa Marikina City. Grade 2 lamang ako noon. Mula noon, tatlumpu't pitong (37) taon na ang nakakalipas at hanggang ngayon ay naninirahan kami sa komunidad ng Olandes, IVC, Marikina.

Bukid pa noon ang aming lugar, nasa tabi ng ilog Pasig. Halos isang daang (100) pamilya ang mga inilipat doon kasama namin. Naalala ko pa, tuwing hapon, naghuhukay kami para makakuha ng mga kamoteng-baging at niluluto ng nanay ko para maging meryenda naming magkakapatid. Sari-saring gulay din ang napipitas ng nanay ko para sa aming ulam gaya ng kulitis, saluyot, talong, okra, alugbati at talbos ng kamote.

Sa aking alaala, hirap kami kapag umuulan kasi wala pang maayos na daan, hindi sementado at walang mga ilaw. Kapag umuulan, mahirap ang paglalakad papunta sa aking eskwelahan. Pumapasok ako sa Libis Elementary School kung saan kailangan kong tawirin ang sapa na ang nagdudugtong ay dalawang (2) poste ng kuryente na ginawang tulay. Kapag umuulan, umaapaw ang sapa, at inaabot ang tulay. Malakas ang agos ng tubig patungo sa ilog Pasig. Minsan pumapasok ako na basang-basa ang buong katawan pati ang mga gamit.

Nasa Grade 6 ako noon nang makaranas kami ng malaking baha sa unang pagkakataon sa aming lugar. Maliliit pa ang aking kapatid noon. Lagpas tao ang lalim ng baha. Naalala ko na kapit-kapit kaming magkakapatid bitbit ang *bags* ng damit, naglalakad kami sa hanggang bewang na tubig-baha para lumikas sa mas mataas na lugar. Bilang panganay, karga ko ang kapatid kong isang (1) taon at hawak sa kamay ang mas nakababatang kapatid. Bitbit ng nanay ko ang iba pang mga gamit. Habang ang tatay ko ay naiwan sa aming bahay upang tiyakin ang iba pa naming gamit sa bahay ay hindi mananakaw o *secured*. Natatakot ako noon para

sa aming kaligtasan at sa kaligtasan ng aking tatay na naiwan sa bahay. Kasama niya ang tatlo (3) ko pang pinsan na nakikipisan sa aming bahay noon. Naalala ko ang pagmamadali ng mga tao bitbit ang sari-saring mga gamit para lumikas sa mas mataas na lugar. Nagpalipas kami ng magdamag sa isang kaibigan ng aking nanay sa Project 4, Quezon City. Pagkatapos ng unang baha, naging sikat na ang aming lugar sa “baha”.

Sa mahabang panahon hindi na muli kami nakaranas ng baha pagkatapos ng 1986. Ang sabi ng lokal na pamahalaan, may “*floodway*” na kaya hindi na babaha. Hanggang dumating si Ondoy noong 2009.

Kasama ko ang kapatid kong bunso at ang asawa niya sa aming opisina noong 26 Setyembre 2009 sa Mandaluyong City. Walang humpay ang pagbuhos ng malakas na ulan mula madaling-araw noong araw na iyon. Panay ang pagte-text-an naming magkakapatid dahil nga sa malakas na pag-ulan, tila nasanay na kami sa posibilidad ng pag-apaw ng ilog at pagbaha. Bandang alas nuwebe ng umaga (9:00 a.m.), nagmensahe ang kapatid ko na umapaw na ang ilog kung kaya nag-uunti-unti na silang mag-akyat ng gamit sa ikalawang palapag ng aming bahay. Bandang alas-diyes ng umaga (10:00 a.m.), nagmensahe ulit at nagsabi na nasa *main road* na ang tubig at hindi pa rin tumitigil ang malakas na pagbuhos ng ulan. Nagpasya kami ng aking kapatid na umuwi ng bahay, subalit pagdating namin sa Cubao, wala na kaming masakyan kaya naisipan naming bumalik sa Mandaluyong. Sa puntong ito, nagmensahe ang aking kapatid na nag-*warning* na ang mga taga barangay na lumikas.

Mabilis ang mga pangyayaring sumunod. Batay sa sunod-sunod na palitan ng *texts*, hindi pa nila naiaakyat ang lahat ng gamit sa second floor ng bahay, pumasok na ang tubig sa loob. Napilitan nang iwanan ang ilang gamit na hindi pa naiiakyat at manatili na lamang sa ikalawang palapag (*2$^{nd}$ floor*) ng aming bahay. Malakas pa rin ang buhos ng ulan, tila walang balak tumigil. Kahit paano ay tila nakampante na ako dahil nasa ikalawang palapag ng bahay ang aking pamilya.

Gayunpaman, tuloy-tuloy na tumaas ang tubig, hanggang sa umabot na sa ikalawang palapag ng bahay. Nagpa-*panic* na ang damdamin ko dahil batay sa *text* ng kapatid ko, patuloy pang tumataas ang tubig sa ikalawang palapag. Nag-aalala ako sa nanay at tatay kong matatanda na (*senior citizens*), pamangkin na tatlong (3) taon, at iba pang mga pamangkin, kasama na rin ang aking kapatid. Nang matanggap ko ang *text* na patuloy na tumataas ang tubig at abot-tuhod na sa ikalawang palapag, at naghahanap na sila ng paraan paano aakyat sa bubong, tila mababaliw na ako sa kaba. Naghahanap na ako ng saklolo, walang tigil ang pagkontak sa mga kakilala kong maaaring may kontak sa mga *rescue operations*, sa LGU, sa mga sundalo kahit sino na makakatulong. Pero sa kasamaang-palad, hindi makontak ang mga tanggapan na nabanggit. Sa panahong ito, sinisisi ko ang aking sarili dahil bakit hindi ako nakauwi para masamahan sila. Na kahit na wala rin akong magagawa, makapagbibigay ng lakas-loob ang aming pagsasama-sama sa gitna ng kalamidad. Na napakasaklap nang wala kang impluwensya o kakilala sa mga ahensya ng gobyerno, sa pulitiko para sa panahon ng kagipitan ay may malalapitan ka.

Samantala, nagsabi na ang aking kapatid na sinira na nila ang dingding ng aming bahay upang makaakyat sa bubong dahil patuloy pang tumataas ang tubig na noo'y nasa dibdib na nila. Naiiyak na ako sa kawalan ng magagawa, at "*powerlessness*" sa panahong iyon. Walang humpay akong nananalangin na sana ay tumila na ang ulan at mailigtas na ang aking pamilya sa tiyak na kapahamakan. Iniisip ko ang aking pamilya habang umaakyat ng bubong, habang nakatambay sa bubong ng bahay. Inilalarawan nila na parang malawak na dagat na ang paligid, malakas na umaagos ang tubig, inaanod ang sari-saring mga gamit-pambahay gaya ng *refrigerator, sofa,* mesa, aparador, kalan, at marami pang iba. Kahit ang patay na nakaburol noong panahon na iyon sa kabilang kanto na itinali ang kabaong ay nagpapalutang-lutang din.

Parang pelikula ang nagaganap. Hindi ako makapaniwala at lalong hindi ko matanggap na sa patuloy na pagbuhos pa ng ulan ay maaari nang malunod ang buo kong pamilya kung hindi mare-*rescue* sa itaas ng aming bubong.

Mabuti na lamang at iyong kapit-bahay namin at may ikatlong palapag (*third floor*) na bahay. Sinikap ng aking pamilya na makaabot sa ikatlong palapag ng kapit-bahay na noong panahong iyon ay kinukumpuni (*under construction*) pa. Sa *text* ng aking kapatid, umabot sila sa halos apatnampung (40) tao at mga alagang hayop, aso, manok, at pusa na magkakasama sa limampung (50) *square meter* na laki ng ikatlong palapag na bahay. Halos kalahati sa kanila ay basang-basa sapagkat kalahati lamang ng bahay ang may bubong at wala pang dingding. Binigyang prayoridad na makasilong ang mga bata at ang mga matatanda. Magkahalong gutom, panginginig sa lamig, basang mga katawan, at takot sa kanilang kalagayan ang huling *text* na aking natanggap. Matapos ito ay naputol na ng pagbibigay sakin ng *update* dahil sa naubos na ang baterya ang kanilang *cell phone*.

Halos madaling araw na, bandang ala-dos (2:00 a.m.) ay nagpasya na kami ng aking kapatid na bunso at asawa nito na umuwi sa bahay. Nagluto na din kami ng kanin at adobo para makakakain ang aking pamilya. Nagbaon ng tinapay at tubig. Tumila na din ang ulan kung kaya ang baha sa paligid na lugar kung saan kami naroroon ay humupa na. Nakaabot kami hanggang sa Katipunan at duon tambak na ang mga taong naglalakad. Ginawa ding *emergency center* ng gobyerno ang ilalim ng *fly over* sa Katipunan. Naghintay kami sa Katipunan nang halos dalawang (2) oras. Matapos ang paghihintay, naglakas-loob kami, nakisabay sa maraming nagtangkang lumakad at lumusong sa pahupa nang baha papunta sa aming lugar sa Marikina. Hawak ko ang kaldero ng kanin, samantalang ang aking bayaw ay tubig at ulam at ang kapatid ko ay ang tinapay at mga tuyong damit. Hindi kami sigurado sa dadaanan at dadatnan. Sa bungad pa lang, nasa dibdib pa ang lalim ng tubig. Subalit may mga taong kasama kami na lumulusong na din. Ito ang nagpalakas ng loob namin para lumusong na din at magpatuloy sa mabagal na paglalakad.

Nakarating kami sa aming bahay, mag-a-alas sais na ng umaga (6:00 a.m.). Madilim pa dahil sa walang kuryente. Nasa tuhod na lamang ang tubig sa loob ng aming bahay nang kami ay dumating at naglilimas na ng putik sa ikalawang palapag ang aking tatay at mga pamangkin. Niyakap ko una ang aking mga pamangkin na noo'y nanginginig na sa lamig dahil sa magdamag nang basa ang katawan. Halos

maiyak sila ng makita kami. Sa kabila ng lahat, parang nabunutan ako ng malaking tinik nang makita ko sila na kumpleto at ligtas na sa baha.

Gayunpaman, matapos na humupa ang tubig-baha, lumantad naman ang gabundok na putik at mga gamit sa bahay na nagkarambola sa loob ng bahay. Nakakapanlumo na ang sumunod na mga eksena, ultimo personal na mga gamit gaya ng *underwear*, *toothbrush*… ay hindi na mapakinabangan. Iniisip ko pa lang ang gahiganteng limasin, pagod na ako.

Paano kami magsisimula? Saan kami magsisimula? Paano kami mabubuhay? Saan kami matutulog? Saan kami magluluto? Saan kami kukuha ng pagkain? Nakaligtas nga kami sa peligro ng pagkalunod sa baha pero baka mamatay naman kami sa gutom at sobrang pagod. Ang daming tanong, ang daming isipin. Sumasakit ang ulo ko sa kaiisip at masakit na ang katawan ko sa kakalimas ng tubig at putik. Malupit si Ondoy, halos wala siyang itinira sa amin. Ang kabuuan ng ipinundar ng pamilya sa mahabang panahon sa ilang sandali lamang ay nawala lahat.

Pero ipinagpapasalamat ko pa rin na ligtas ang buong pamilya. Sumunod na mga araw, ibang problema naman ang sumulpot. Kawalan ng malinis na tubig, inuming tubig, pagkain, basura, at higit sa lahat kalusugan. Kaakibat ng paglilimas sa putik, ang banta ang "*leptospirosis*" *outbreak* sa aming lugar dulot din ng baha. Tinamaan ng *leptospirosis* ang tatay ko dahil sa bukas at sariwang sugat dulot ng pagkakapako ng kanyang paa at tulad ng iba, nanatili din siya sa ospital ng dalawang (2) araw. Mabuti pa rin at nakaligtas siya sa tiyak na peligro, pero ang ilan sa aking mga kapit-bahay at kabaryo, sinawing-palad at hindi nakaligtas sa inpeksyon na dulot ng *leptospirosis*.

Dahil sa Ondoy, naitulak ang buo kong pamilya na makitira muna sa bahay ng aking kasama sa Fairview. (3) Tatlong buwan din kaming nakitira sa bakanteng bahay sa Fairview. Samantala, ang mga pamangkin ko ay nakipisan muna sa mga kamag-anak na hindi nabaha sa Marikina para sa kanilang pag-aaral. Tuwing *weekend* ay umuuwi sila sa Fairview. Lahat ay "naiba" ang pamumuhay matapos ang Ondoy.

Sa Ondoy, naramdaman ko ang pinakamahirap na pakiramdam— ang pagbaba ng dignidad. Alam ko na hindi handa ang gobyerno sa kalamidad gaya ng Ondoy kaya marami sa mga opisyal at kawani ng gobyerno ay hindi alam ang gagawin, walang sistema, at hindi organisado. Makikita ito sa kung paano rumesponde sa mga nasalanta.

Ilang beses din akong pumila para makakuha ng tulong o *relief*. Matiyaga kaming pipila, kasama ang maraming kababaihan, bata, tatay, nanay, lolo, lola, bading, at tomboy sa pagdating ng "*relief*" *truck* para maghagis ng anumang pagkain o *goods*. Palakasan sa pisikal na pangangatawan ang labanan, uuwing walang nakuha ang mahihina at matatanda.

Minsan naman, maaga na kaming pipila kahit wala pa ang *relief*, magpapalista ng pangalan at maghihintay ng buong pasensya at tiyaga dahil matapos ang maraming oras darating na ang mamamahagi ng *relief*. Nakakatuwa dahil may mga namimigay ng damit. Pero ang hindi nakakatuwa ay iyong makakatanggap ka ng

*relief* na hindi mo maisusuot dahil akala siguro ng nagbigay, hindi tao ang bibigyan ng *relief* kaya kahit basahan na ay ipamimigay pa din. Akala nila nakatulong na sila ng malaki dahil dito.

Binago ng Ondoy ang aming pamumuhay. Nakitira kami, nagkahiwa-hiwalay, umasa sa *relief* at donasyon ng mga malalapit na kaibigan at kasama, lumiban sa pagkain, pumila sa *relief*, nakipag-away sa mga kapit-bahay, nawalan ng lahat, at natakot ng husto para sa aming kinabukasan. Ganito ang pakikibaka araw-araw pagkatapos ng Ondoy.

Makaraan ang ilang taon, sumalanta naman si Habagat— kung kelan naman nakakapag-ipon na muli kami ng gamit at unti-unting nagiging normal ang buhay. Masaklap, hindi lang isang beses, kundi dalawang beses pa talaga. Katatapos lang namin maglimas at halos patapos na, nang bumira na naman ang matinding pag-ulan, bagay na nagdulot ng ikalawang baha. Sa ikalawang pagkakataon, halos umabot muli sa ikalawang palapag ng bahay ang baha. Kaarawan ng tatay ko noon, kahit paano habang naghihintay ng paghupa ng baha, makahulugan ang pag-alala namin sa kaarawan ng tatay ko.

Mula noon, tuwing sasapit ang huling kwarto ng taon, sumasapit din ang pinakamalalakas na bagyo. Taun-taon, patindi ng patindi, kasabay nito ang malakas ding “kabog” ng dibdib dahil “babaha” na naman.

Nitong taon lamang, sunod-sunod ang kalamidad na naranasan nating mga mamamayan sa iba’t-ibang panig ng bansa. Kamakailan lamang sa lalawigan ng Bataan kung saan ako ay naka-base at isang *community organizer* ng isang *People’s Organization*, ginulantang kami ng matinding pagbaha. Sa loob ng maraming taon ay hindi dumanas ang Bataan ng lagpas-taong pagbaha lalo na sa Balanga City kung saan naroon ang aking tirahan.

Subalit, nitong Hulyo 2018 lamang, nagulat na lamang ako nang tumilamsik ang tubig sa aking katawan pagtapak sa sahig ng aking paa. Pumasok na pala ang tubig-baha sa loob ng aming bahay-opisina. Pagbukas ko sa pintuan ay malalim na pala ang tubig-baha sa labas kung kaya nakapasok sa loob ang tubig. Tila “otomatik” (*automatic*) binilisan ko ang aking kilos at daglian kong iniangat ang mga mahahalagang gamit sa ikalawang palapag ng bahay-opisina. Gayunpaman, ang ibang mga dokumento, libro, at papeles ng opisina na inabot na ng tubig-baha ay hindi ko na nai-salba pa.

Subalit, walang halaga ang mga nasirang dokumento, libro, at mga papeles na ito kumpara sa ibang residente ng Bataan na lagpas-tao at bahay ang inabot na lalim ng baha at malakas na pag-agos ng tubig mula sa bundok patungong dagat. Ganun na naman, parang si Ondoy, walang itinira sa tao kundi ang kanilang buhay, maliban sa ilan na hindi pinalad at tinangay ng malakas na agos ng tubig at sa kalaunan ay namatay, gaya ng ilang matatanda na aking napag-alaman.

Parang pinaglalaruan na “ata ako ng kalikasan, kahit saan ako manirahan, sinusundan ako ng baha.” Meron pa bang baha-*proof* o ligtas na lugar sa Pilipinas? Paano ba talaga natin mapapatigil ang ganitong mga kalamidad na patuloy na

winawasak ang ating mga aria-arian, kabuhayan, at mismong kumikitil sa ating buhay? Saan ba tayo hihingi ng hustisya sa palagiang pagkawasak at pagkitil ng buhay nang dahil sa kalamidad ng baha at bagyo?

Pero hindi pa tapos ang kwento ng aking karanasan. Akala ko noon, nakalagpas na kami, unti-unti nakapag-ipon na ulit kami at nakapagpundar ng mga gamit sa bahay. Halos sampung (10) taon pagkatapos ni Ondoy at pagsalanta ng Habagat, naka-*recover* na kami. Subalit, nitong Agosto lamang, walang bagyo pero ang habagat ay nagdulot na naman ng matinding pagbaha sa Marikina, kung saan libo-libong residente ng siyudad ay pwersahang bumalik sa mga *evacuation centers*. Gaya ng dati, kung sinu-sino na naman ang aking tinawagan, nagbabakasakali na matulungan ang aking pamilya na nasa ikalawang palapag ng bahay na inuupahan ng aking kapatid sa Marikina. Naroroon ang aking *senior citizens* na magulang na napilitang lumikas mula sa aming bahay, na mabilis na sinira ng paulit-ulit na pagbaha.

Sa pagkakataong ito, hindi madali ang lumikas sa aking magulang na may sakit. Si Tatay ay *stroke patient* at hindi na maayos na nakakalakad, samantalang ang Nanay ko ay may sakit na *Alzheimers*. Bago pa ang Habagat nitong Agosto, araw-araw ay naroon sa aming bahay na sinira ng baha ang aking mga magulang. Bagamat nasira na, kumportable silang nananatili doon at umuuwi na lamang sa bahay ng aking kapatid upang kumain at matulog. Ayaw nilang umalis sa bahay na nasira lalo na nung pinipilit na silang lumikas dahil sa baha. Gayunpaman, makukumbinsi silang umalis at manatili na lamang sa ikalawang palapag ng bahay ng aking kapatid kung saan kasama nila ang buong pamilya. Dito na sila naghintay ng paghupa ng ulan at ng baha. Mabuti at hindi na tumaas pa ang noo'y anim na talampakang (6 ft.) lalim ng baha sa loob ng bahay.

Matapos ang ilang oras, nakampante na ako nang sabihin ng aking kapatid na pababa na muli ang baha. At tumambad muli ang makapal na putik at ang mga gamit na lumutang sa tubig. Nakakatawa, matapos ang muling pagpupundar sa loob ng halos sampung (10) taon, isang iglap, naubos, nasira, hindi na ulit mapakinabangan. Gaya ng dati, iniisip ko pa lang napapagod na ako. Ganoon na lang ba ang buhay namin? Tila walang humpay na pagre-*recover*, pagre-*rebuild*? Isang sikulo na lubhang nakakapagod kundi man ay nakamamatay.

Hanggang sa ngayon, hindi pa kami nakakabalik sa lumang bahay na pinabilis ang pagkasira ng sunod-sunod na baha.

Makalipas ang isang buwan, bagong bagyo na naman ang sumalanta sa ibang panig ng bansa. Bukod sa milyon-milyong halaga ng pagkawasak sa imprastraktura, agrikultura, ari-arian, maraming buhay muli ang naibuwis nang dahil sa kalamidad. Kailan matatapos ito? Paano matatapos ito? Paano maibabalik sa dati ang "pamumuhay" naming mga lagi na lamang sinasalanta ng kalamidad? Ang sabi ng gobyerno, kailangan na kaming lumipat. Ang sabi ng mga "eksperto," hindi na pwede ang mga komunidad malapit sa mga ilog o dagat dahil ito ay *danger zone*.

Paano ang mga gaya namin na na-*demolished* mula sa Tandang Sora at inilipat ng gobyerno sa Marikina na siyang naging *relocation site*? Lilipat ba ulit kami?

Lagi na lang ba kaming magpapalipat-lipat? Hindi madali ang paglipat. Hindi naman kami mayaman kaya siguradong pakikibaka ang paglipat. Sa pagpupundar na nga lang ay doble-kayod na ang aking mga kapatid, paano pa kaya yung bumili at maglipat sa bagong bahay?

Pansamantala, umupa muna kami. Dagdag na gastusin kada buwan kaya mas doble ang pagtitipid. Lalong humirap ang pag-iipon para makapagpundar muli. Dahil dito, ilang beses ko na ding naisip na maghanap na ng trabaho na may sahod para makatulong sa pamilya. Pero iniisip ko rin, tama bang desisyon na magtrabaho na muna ako at iwan muna ang mga komunidad na ino-organisa ko sa Bataan? Masosolusyunan na ba ang problema sa baha kung magtatrabaho ako?

Ang hirap. Alam ko hindi. Hindi makakamtan ang hustisya kung maghahanap lamang ako ng trabaho para sa pamilya. Ang katotohanan ay ang problema ay lagpas sa amin, lagpas sa aming mga komunidad dahil ang krisis ng kalikasan ay isang kalagayan na apektado ang lahat. Ito ang dahilan bakit naniniwala ako sa layunin ng petisyong ito kung kaya ako lumahok.

Samantala, pagkatapos ng baha, bumabalik pa rin ang aking mga magulang sa lumang bahay na naging tirahan namin sa loob ng tatlumpu't-pitong (37) taon. Halos buong buhay na namin. Naiintindihan ko ang mga magulang ko kung bakit ayaw nilang umalis sa aming bahay. Bakit ayaw nilang lumikas at manatili sa *evacuation center* at bakit kahit na nawasak at hindi na matitirahan o "*livable*" ang aming bahay ay pinipili pa rin nilang manatili sa bahay na iyon. Naroon ang aming buhay, naroon ang aming kultura, kahit mahirap ang buhay, madali ang diskarte dahil kilala namin ng malalim ang aming komunidad. Nag-*survive* na kami sa mahabang panahon, kaya paanong magiging madali para sa amin ang pag-alis? Wala ba kaming karapatan na pumili? Kung meron lang sanang '*choice'* na ibibigay sa amin, bakit hindi?

Makaraan ang dalawang buwan ng pagbaha nang dahil sa Habagat, malungkot na pumanaw ang aking tatay dahil sa *stroke* nitong Oktubre. Napakalungkot, buong araw na iyon ay nasa lumang sirang bahay nanatili ang tatay ko, umuwi na lamang nang sunduin ng aking pamangkin para kumain ng hapunan. Walang hinagap na noong gabi ring iyon, habang tulog na ang lahat, iiwan na niya kami at siya ay papanaw….



**VERONICA V. CABE**
22 Oktubre 2018